digging of graveyards, or any excavation taking place in areas that are regarded 'sacred', may infringe cultural prohibitions. In any case, no cultural item/ artefact obtained through excavation should be taken out of Palawan without the consent of traditional community representatives and should be handed over to the traditional Palawan elders upon the creation of proper infrastructure to curate and care for the artefacts;

- With respect to the translation of the collected data from Palawan into Tagalog and English, as much as possible, most of the translation process should take place in the field, in order to ensure that the translation is properly done;
  - A copy of collected data and translated material should be given to ALDAW and to the traditional community representatives, who will store the documentation locally and use it for their own cultural and advocacy purposes;
  - A copy of all research documentation (including photographs and videos) that will be compiled, edited and translated out of Palawan, should be sent later to ALDAW, which will share it with the local communities and their traditional representatives;
  - A copy of all future publications and documents based on the anthropological/archaeological research carried out by the UP anthro-students in Ipilan and neighbouring barangay should also be sent to ALDAW in due time;

This MOA consisting of 2 (two) pages has been signed by the above-mentioned parties  
on **April 17, 2012**

## **SIGNATORIES OF THE PARTIES ENTERING THE AGREEMENT**

For ALDAW

## Gandelan Artiso Mandawa

## **For the IPs of Brooke's Point**

## Panglima Pedro Sagad

## **For the Anthro-Students and professors of the University of the Philippines**

Dr Nestor Castro

Dr Nestor Castro

Jerome Leaño

Prof. Janine Ochoa

Amanda Palileo

SUBSCRIBED AND SWEARN TO BEFORE ME BY THE ABOVE-NAMED PERSONS, THIS 18<sup>th</sup> DAY OF April 2012 AT BROOKE'S POINT, PALAWAN

**KASULATAN NG KASUNDUAN  
(MEMORANDUM OF AGREEMENT)**

**IPINAAALAM SA LAHAT**

Ang kasunduang ito ay ginawa at nilagdaan ngayong ika- 25 ng Abril sa pagitan ng:

**Departamento ng Antropolohiya ng Unibersidad ng Pilipinas** (mula dito ay "Departamento ng Antropolohiya" o "Departamento"), isang akademikong programa na naglalayong magsanay ng mga mag-aaral sa pananaliksik sa antropolohiya, at dito ay kinakatawan nina **Asst. Prop. Janine Ochoa**, direktor ng UP Anthropology Field School (UPAFS), at **Dr. Nestor Castro**, taga-pangulo ng Departamento.

At nina

6. Toto Usop na nakatira sa Barangay Ipihan, Brooke's Point, Palawan at tagapagmay-ari ng lupang sumasakop sa lugar o sayt na arkeolohikal na pag-aaralan ng UPAFS.

Para sa pangkalahatang interes ng pagsusulong ng pag-aaral ng kasaysayan at pangangalaga ng yamang kultural, ang calawang partido ay samasang-ayon sa mga sumusunod:

1. Ang Departamento ng Antropolohiya ay may kakayahang gumawa ng isang arkeolohikal na pananaliksik at piniyagang magsagawa ng pag-aaral sa Barangay Ipihan, Brooke's Point, Palawan.
2. Ang nabanggit na lupa na pag-aari ng mga 6. Toto Usop ay ang kapopookan ng arkeolohikal na pananaliksik ng Departamento.
3. Ang Departamento ay magsasagawa ng arkeolohikal na pananaliksik sa Barangay Ipihan, Brooke's Point, Palawan sa loob ng 30 na araw mula Abril 17 hanggang Mayo 16, 2012 at magsusumite ng report matapos ang pag-aaral.
4. Ang Departamento ay bibigyan ng pahintulot na magsagawa ng siyentipiko at arkeolohikal na pag-aaral sa lugar o sayt na nito na saklaw ng tagapagmay-ari.
5. Ang Departamento ay bibigyan ng pahintulot na mangolekta at magtala ng mga bagay o artifak na makukuha at matatagpuan sa sayt.
6. Ang lahat ng artifak ay ituturing na yamang kultural ng bansa at ilalagay sa pangangalaga ng Pambansang Museo ng Pilipinas. Ang Cultural Properties Division ng Pambansang Museo ang siyang magpupasya tungkol sa usapin ng pagpaparte kung sakaling naisin ng tagapagmay-ari na makibahagi sa pangangalaga ng mga natagpuang artifak.
7. Ang lahat ng artifak ay maaaring ilagay at sa lokal/katutubong komunidad, sa Munisipyo ng Brooke's Point o sa Barangay Ipihan kung ang mga ito ay may itatakdaang pasilidad, sistema, istraktura, at bantay upang siguraduhin na walang panganib sa mga artifak tulad ng amag, sunog, init, hamog, ulan, pagnanakaw at iba pa.
8. Kung ang katutubong komunidad, munisipyo o barangay ay wala pang kakahayang magbigay ng pasilidad, istraktura, at bantay para sa mga artifak, ang mga ito ay ilalagay muna sa pangangalaga ng Pambansang Museo ng Pilipinas sa Quezon, Palawan o di kaya ay sa Departamento ng Antropolohiya ng Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman, Quezon City.
9. Ang tagapagmay-ari ng lupa at ang Departamento ay magtutulungan sa anumang paraan na makakabuti sa pag-aaral na Isasagawa.

10. Ang Cultural Properties Division ng Pambansang Museo, ang katutubong komunidad at ang mga tagapagmay-ari ay maaaring magbubuo ng panibagong kasunduan upang pagpasiyahan ang tungkol sa usapin ng pagpaparte kung sakaling naisin ng tagapagmay-ari na makibahagi sa pangangalaga ng mga natagpuang artifak.
11. Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay magiging buklurang pag-aari ng Departamento ng Antropolohiya ng Unibersidad ng Pilipinas, ng katutubong komunidad, ng Barangay Ipilan at ng Munisipyo ng Brooke's Point. Ang Departamento ay may kalayaang gamitin ang lahat ng datos at artifak para sa pag-aaral nang hindi na nangangailangan pa ng karagdagang pahintulot mula sa may-ari ng lupa.
12. Ang kasunduang ito ay magiging ganap pagkatapos lagdaan ng dalawang partido, at patuloy na magbubuklod sa dalawang panig sa loob ng isang (1) taon, maliban na lamang kung mapagkakasunduang wakasan ng daaiwang panig ng mas maaga sa itinakdang panahon.
13. Ang kasunduang ito, na naglalaman ng dalawang (2) pahina, ay maaaring baguhin ng dalawang partido.

LAGDA NG DALAWANG PARTIDO:

**Departamento ng Antropolohiya  
ng Unibersidad ng Pilipinas**

Dr. Nestor Castro  
Tagapangulo

Asst. Prop. Janine Ochoa  
Direktor ng UPAFS

**May-ari ng Lupa**

G. Jonathan Lagrada  
Punong Barangay ng Ipilan

G. Artiso Mandawa  
Kagawad ng Barangay Ipilan  
Taga-pangulo ng ALDAW

NILAGDAAN SA HARAP NINA:

195  
PAGE NO. 38  
BOOK NO. 86  
SERIAL NO. 2017

ATTY. M. LUCIANO  
MUN. OF BAGUIO  
CEPAL  
100% COMPLIANCE  
ALL COMPLIANCE RULES AND REGULATIONS ARE OBSERVED

Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Palawan  
Bayan ng Brooke's Point  
BARANGAY IPILAN

**TANGGAPAN NG PUNONG BARANGAY**

26 Marso 2012


**NESTOR T. CASTRO, PhD**  
Department of Anthropology  
College of Social Sciences and Philosophy  
University of the Philippines  
Diliman, Quezon City 1101

G. Castro;

Ang Tanggapan ng Punong Barangay ng Ipiran ay nagpapahayag ng suporta sa gagawing 2012 UP Anthoropology Field School (UPAFS) dito sa aming barangay katulong ang Ancestral Lands and Domains Watch (ALDAW).

Nawa ang gawaing ito ay makatulong sa pag-unlad ng kaisipan at kakayaan ng mamamayan sa napiling komunidad patungkol sa mga gawaing may kinalaman sa kultura. Kasabay nito ang aming pasasalamat na ang aming komunidad ay inyong napili sa nasabing pag-aaral.

Sumasainyo,

  
**JONATHAN Z. LAGRADA**  
Punong Barangay

## **Ugdang Bulawan**

Alexis Jerome Tolibas at Jerome Leaño

### **Abstrak**

Ang papel na ito ay naglalathala at naglalarawan ng mga kaugalian, paniniwala't tradisyon, at materyal na kultura ng mga Pala'wan partikular sa munisipalidad ng Brooke's Point, sa kamatayan, pagluluksa, at paglilibing. Ginagabayán ito ng pagtingin na ang relihiyon ay hindi nahahati sa depinisyon ng sakra at profana (Ramos 1983:180). Masinsing nakahabi ang banal sa pangkaraniwan at pinatotohanan ito ng manapestasyon nang impluwensya ng mga yumao sa mga nabubuhay mula sa kapanganakan, pag-aani, kasal, hanggang sa kamatayan. Layunin ng papel na ito na palawakin at maunawaan ang konseptong "cult of the dead" (Fox 1982:189) sa konteksto ng mga Pala'wan; Himayin ang mga pagpapakahulugang nakalapat sa kamatayan at kung paano nakapaloob ang mga ito sa mas malawak na pagtingin.

## Panimula

### *Kamatayan sa ating Kamalayan*

Madalas nating naririning sa mga *eulogy* at kwentuhan sa mga burol, at maaring tanda ito na pasok na sa ating mga kamalayan, na ang kamatayan ay hindi ang katapusang buhay; bagkus ito ang simula ng walang hanggang pamumuhay sa kabilang buhay. Iba't-ibang paniniwala, paliwanag at metapora ang ating ginagamit upang maunawaan at bigyang kahulugan ang kamatayan, at ang relihiyon ang pangunahing pinagmumulan ng mga kaalamang ito. Ayon kay Jung, ang mga pangunahing relihiyong pandaigdig ay representasyon ng mga komplikadong sistema ng paniniwala para paghandaan ang kamatayan (Jung in Dezutter et. al, n.d.).

Tanda ng kaisipang ito ay ang mga pag-aaral na nagbibigkis sa relihiyon at kamatayan sa iba't-ibang sangay ng Agham Panlipunan (*religiosity, death attitudes [death anxiety and death acceptance]*).

\*(Chenard, 1972) at (Feifel, 1959) – positive relationship between religion and death anxiety

\*(Berman & Hays, 1973), (Feifel & Branscomb, 1972), (Martin and Wrightsman, 1965) at (Templer, 1972) – negative relationship between religion and death anxiety

\*(Leming, 1980) – no relationship between religion and death anxiety

\* galing kay(Falkenhein and Handal, 2003)

May mga pag-aaral ding tinutukan ang paniniwala sa kabilang buhay (*afterlife*) at ang epekto nito sa iba't-ibang aspeto ng pamumuhay.

\*\*(Barro & McCleary, 2006) – belief in afterlife positively correlated with economic growth

\*\*(Azzi and Ehrenberg, 1975) at (Iannconne, 1998) – afterlife expectations account for bizarre religious rituals once thought to be the result of psychological disorders

\*\* galing kay (Srivastava, 2010)

### *Konsepto ng Kulto*

Ang paghahati sa *church-sect* bilang dalawang konseptong nasa magkabilang dulo ng iisang espekto ay nanggaling kay Erns Troeltsch. Ang tipolohiyang church-sect ay inilapat ni Troeltsch sa mga paunang pag-aaral, pagsusuri at teorya ni Max Weber gamit ang Sosyolohiyang perspektibo. (Tinaz, 2005)

Sa kanyang pag-te-teorya sa *church-sect* ay ginamit ni Weber ang kanyang naunang pormulasyon tungkol sa mga *political institutions*. Ayon kay Weber, ang *church* ay nagpapatupad ng kaayusan sa pamamagitan ng *psychic coercion* sa pagbabahagi o pagkakait ng *religious benefits (hierocratic coercion)*. Samantala, ang pagiging miyembro sa isang *cult* ay boluntaryo at hindi gumagamit ng puwersa para kontrolin ang mga miyembro nito. Sa pagsusuri ni Weber ng *charisma*; idinagdag niya na ang *charisma* ay nakakabit sa opisina habang sa *sect* naman ay nakakabit sa *religious leader*. (Weber in Tinaz, 2005)

Nagdagdag ng ikatlong uri si Troeltsch sa tipolohiyang church-sect at tinawag niya ito na *mysticism*. Ayon kay Troeltsch, ang *mysticism* ay ang ikatlong uri na naghahati tunggalian ng *church-sect*. Katangian ng ikatlong uri ang paglaganap ng indibiduwalismo at kalayaang makapagpalitan ng mga ideya. (Troeltsch in Tinaz, 2005)

Ang konsepto ng ‘kulto’ naman ay naghahati kay H. Becker sa kanyang pagpapalawak sa ikatlong uri (*mysticism*) ni Troeltsch. Ayon kay Becker, ang mga umaanib sa isang kulto ay hindi nag-aabala sa pagpapanatili ng structura nito ‘di tulad nang sa *church* at *sect*, kung saan pinoprotektahan nila ang kaayusan ng kanilang organisasyon, ngunit pawang personal na kaluguran, kaligtasan, at kaginhawaan. (Becker in Tinaz, 2005)

### *Municipalidad ng Brooke's Point*

Ang Brooke's Point ay nagawa sa bisa ng EO 232 noong June 28, 1949. Ito ay matatagpuan sa timog-silangang bahagi ng mainland Palawan sa latitude 8°47' at longitude 117°49'. Sinasaklaw ng munisipyo ang kabuuang ng 85, 064.90 hectares o 5.71 bahagdan ng kabuuang kalupaan ng Palawan. Nahahati ang Brooke's Point sa 18 baranggay na kung saan 2 ay urban (Poblacion I at Poblacion II) at 16 na rural (Amas, Aribungos, Barong-barong, Calasaguen, Imulnod, Ipilan, Maasin, Mainit, Mambalot, Malis, Oring-oring, Pangobilian, Salogon, Samariñana, Saraza at Tubtub).

Sa Baranggay Aribungos matatagpuan ang Sabsaban falls. Ang lugar na ito ay itinuring na sagrado ng mga katutubo. Kilala naman ang Baranggay Imulnod sa pagdidiwang ng Lutlot festival. Ang Lutlot ay gawa sa kaning malagkit na hinaluan ng gata at niluto sa loob ng buho. Dating parte ng Baranggay Mambalot at Barong-barong, ang Baranggay Ipilan ay nabuo sa bisa ng Congressional Act noong 1961. Mga Palao'an, Muslim at Cuyunon ang mga unang nanirahan sa lugar na ito. Ang Baranggay Mainit naman ay matatagpuan sa Hilaga ng Baranggay Imulnod at kilala ito dahil sa Mainit Falls and Hot Spring.

Ang malakaing bahagi ng populasyon ng Brooke's Point ay matatagpuan sa rural. Base sa 2007 Census, 85.61 % ang naninirahan sa rural.

Ang malaking porsyento ng populasyon ng Brooke's Point ay bata kung saan 63% ay edad 0 hanggang 24.

Matatagpuan sa Brooke's Point ang iba't-ibang ethnolinguistic group: Tagalog (35.63%), Palawano (35.08%), Cuyuno (9.30%), Visaya (7.86%), Muslim (5.20%), Ilocano (4.20% at iba pa (2.73).

Sa taong 2007 hanggang 2010, karamihan sa mga pangunahing dahilan ng karamdaman ay mula sa impeksyon tulad ng mga sumusunod: URTI, malaria, bronchitis, diarrhea, pneumonia, at influenza.

Sinasabing ang mga *lifestyle* na karamdaman ang namamayagpag bilang sanhi ng kamatayan sa Brooke's Point, partikular dito ang CVA, diabetes mellitus, heart diseases, at cancer.

Ang mga sanhi ng kamatayan sa taong 2010 ay ang mga sumusunod: pneumonia (62, 10.39), myocardial infarction (17, 2.85), lahat ng uri ng cancer (14, 2.35), vehicular accident (10, 1.68), hypertensive CVD (10, 1.68), cerebro-vascular disease (9, 1.51), congestive heart failure (8, 1.34), chronic renal disease (8, 1.34), renal hypertension (8, 1.34).

Ang mga datos na ito ay halaw sa isang powerpoint presentation “A profile of the MUNICIPALITY of Brooke's Point (2010)”

### *Panglima*

Ang Panglima ang titulong iginagawad sa mga natibong Palao'an na mayroong katungkulang ginagampanan sa komunidad na kanilang kinabibilangan. Sila ay mga *elders* o nakatatanda sa komunidad, kung saan lalaki lamang ang pwedeng magkaroon ng titulong Panglima. Maaaring makuha ang titulong ito kung sa kaganapan na ang isang Panglima ay namatay, ang iba pang mga *elders* sa komunidad ang siyang magpapasya kung sino sa mga naulila ang magmamana ng titulo, kadalasan ang panganay na anak ang binibigyan ng titulo. Sa mga Panglima dumudulog ang mga tao kapag mayroong nais ayusing problema o may mga hidwaan sa komunidad. Dagdag pa rito, sila rin ang may katungkulang magpreserba at magpanatili ng kultura, tanda nito, ang kanilang madilat na kaalaman sa kultura ng mga Palao'an, magpasimula ng mga ritwal, katulad ng kasal, panggagamot, paglilibing, at iba pa.

## Metodolohiya

Ang bulto ng mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng pakikipanayam (structured at semi-structured). Ang mga inisyal na tanong ay ginabayhan ng mga naunang librong naisulat tungkol sa mga iba pang tribung Palawano; ito ay ang Tagbanuwa (Tagbanuwa Religion and Society ni Fox) at Tau't Batu ( Tau't Batu Studies ni Ramos et. al). Nakatulong din na paghambingin at pag-ibahin ang mga kaugalian at paniniwala ng mga Palao'an at ng mga Kristiyano. Nakuha namin ang pamamaraang ito sa mga sagot ng isa sa aming informant, ipinakita niya sa amin ang pararelismo ng mga kaugalian at paniniwala para mas maunawaan naming ito. Kinakitaan namin ang ganitong pagtatanong ng kaunting problema dahil baka maapektuhan nito ang mga sagot kaya't nang mas magamay namin ang mga konseptong Palao'an ay binabalikan namin ang aming interpretasyon at itinatanong sa mga informants kung tama ang aming pagkakaintindi.

Dahil sa lawak ng saklaw ng aming paksa ay naisipan naming hatiin ang paksa sa mga mas maliliit na tema. Ang mga nabuo naming tema ay ang mga sumusunod:

Pagtatalang: Sinasaklaw ng temang ito ang lahat ng mga bagay na ipinapabaon sa patay, ang mga uri ng bagay na isinasama nila sa loob ng hukay o sa paligid nito, ang paniniwala nila tungkol sa pagtatalang. Ang pokus ng temang ito ay ang materyal na kulturang nakatali sa paglilibing

Paglilibing: Sa temang ito ay nakapaloob ang preparasyon sa labi ng yumao bago ilagak sa kanyang pahingahan, ang buong proseso ng paglilibing, ang pagpili ng paglilibingan, pagkakaayos at orientasyon ng bangkay, lalim at laki ng hukay at iba pa. Ang pokus ng temang ito ay ang mga nangyayari sa labi ng yumao

Pagluluksa: Ang pokus naman ng temang ito ay ang mga naiwan ng yumao. Dito nakapabilang ang mga kaugalian at paniniwala ng mga kaanak ng patay pagdating sa pagluluksa, ang mga maari at bawal gawin, mga ritual na nagpapakita ng pagluluksa at iba pa.

Kabilang Buhay: Sa temang ito ay kasama ang mga paniniwala ng Palao'an sa kabilang buhay, kung saan nagpupunta ang kaluluwa ng mga yumao, ano ang nangyayari sa kabilang buhay at iba pa.

Sa apat na temang ito uminog ang aming pagtatanong.

Sa umpisa ng fieldwork ay hindi kami namimili ng kakapanayamin dahil bumubuo pa lang kami ng imahe ng mga konsepto sa aming isipan. Ngunit habang tumatagal ay napapansin naming mas maalam ang mga nakakatandang lalaki pagdating sa layunin ng aming grupo. Ang tradisyunal na paglilibing ng mga Palao'an ay malimit nang nasasakihan ng mga kabataan. Nahahaluan na ng ibang gawi tulad ng sa Kristiyano ang mga kaugaliang Palao'an. Ang mga kababaihan naman ay tinuturo kami papunta sa mga kalalakihan.

Dala na rin ng kagipitan sa oras ay minabuti naming mag pokus sa mga matatandang lalaking Palao'an. Nakapanayam kami ng higit sa sampung Palao'an. Ang karamihan dito ay taga Baranggay Ipiran at Baranggay Aribungos, may iilan ding galing sa Baranggay Imulnod at Baranggay Mainit.

Karaniwang umaabot sa tatlumpung minuto hanggang isang oras ang bawat panayam. Sa aming pag-iikot para mag-informant work ay napansin naming mainam ang ganitong haba ng oras. Kung lumampas sa isang oras ay bumaba na ang interes ng informant at naapektuhan na ang kalidad ng kanyang mga sagot at kung bumaba naman sa takdang oras ay hindi makabuluhan at mababaw ang nakakalap na datos.

Sinikap naming beripikahin ang aming nakuhang datos sa pamamagitan ng triangulation sa dalawang lebel: Triangulation ng mga informant at Triangulation ng mga Metodolohiya.

Ang mga datos na nakalap sa isang araw ay pinoproseso at ginugrupo gamit ang apat na temang nabanggit sa itaas. Matapos naming pag-aralan at pag-usapan ang mga datos ay nagiging parte ito ng mga panayam sa susunod na araw. Dadagdag sa layunin ng panayam sa susunod na araw na subukin, patunayan, at dagdagan ang mga datos na nakalap. Nabanggit ng aming guro na sa pag-triangulate ng datos ay dapat maging maingat sa pagtatanong. Umiwas sa pagtataanong ng mga leading questions dahil maaring mawalan ng saysay ang pag-t-triangulate at walang bagong datos ang makakalap.

Tungo sa dulo ng aming pagsasaliksik kung saan unti-unti na naming nabubuo at naiintindihan ang mga konseptong mahalaga sa aming pag-aaral ay naisipan naming gawing mas masinsin ang mga panayam. Sa puntong ito ay tinukoy na namin ang aming mga magiging key informant. Napili naming ihuli ang pagtatalaga at pakikipanayam sa mga key informant sa dalawang kadahilanhan. Una, nais naming munang magamay ang kabuuhan ng kanilang mga paniniwala pagdating sa kamatayan, paglilibing at pagluluksa gamit ang mga datos na nakalap sa mga insiyal na panayam bago naming subukang himayin ang mga pagkakahulugan nila tungkol dito. Ikalawa, ginamit namin ang inisyal na mga panayam para makapalagayang loob ang mga informants.

Sa pagpili ng key informants ay isinaalang-alang namin ang kanilang pagkadalubhasa sa mga temang tatalakayin, oras na maaring magamit sa informant work, at ang aming nakapalagayang loob. Mahalaga ang mga salik na ito dahil masalimuot at mahaba ang huling yugto ng mga panayam dahil dadaanan lahat ng mga datos na nakalap tungkol sa mga napiling tema. Mahalaga rin ang nakapalagayang loob para sa pagkaintindihan at magandang daloy ng talakayan.

Napili naming maging key informants sina Panglima Welinton at Panglima Pedring. Ang pokus ng talakayan kay Panglima Welinton ay ang unang dalawang tema (Paglilibing at Pagtatalang) habang ang kay Panglima Pedring naman ay ang Pagluluksa at Kabilang Buhay.

Nagkaroon kami ng aktwal na obserbasyon at partisipasyon sa libing ng dalawang Palao'an, kung saan ang isa sa mga namatay ay isang *half*-Palao'an. Nauna naming naobserbahan ang burol ng *half*-Palao'an sa baranggay Ipiran sa Ika-28 nang Abril. Napagalaman namin ang burol sa tulong ng mga *informants* ng aming mga kasamahan. Sumama kami, kasama ng iba pa naming kasamahan, upang makipaglamay sa yumao. Dito, nagkaroon kami ng pagkakataong maobserbahan at makumpirma ang mga datos na aming nakalap. Tanging obserbasyon lamang ang aming ginawa, bilang sa pagrespeto na rin sa asawa, at pamilya ng namatayan. Ang pakikipanayam ay naganap sa pagitan ng mga informants ng aming mga kasama habang tinatahak namin ang daan patungong Kelang Banua.

Ang ikalawang obserbasyon ay naganap sa Ika-29 at 30 nang Abril, kung saan ang namatay ay pamangkin ni Panglima Pedring. Ang unang gabi ay nilaan para sa pakikiramay, obserbasyon at partisipasyon sa paghahanda sa yumao. Kinabukasan, ang araw na nakatakda para sa libing, bumalik ulit kami, para madokyumento, sa pamamagitan ng pag-video ang magaganap na libing sa kahilingan at pahintulot na rin ng pamilya ng yumao. Sa puntong ito, nakita namin kung papaano nagkaroon ng pagbabago sa tradisyunal na paglilibing ng mga Palao'an.

Nagkaroon ng *Focused Group Discussion* o Ginabayang Talakayan upang lubos naming maintindihan ang konsepto ng kamatayan, paglilibing, at pagluluksa. Kasama ng aming mga kasamahang nakapokus sa relihiyon, ang Ginabayang Talakayan noong Ika-5 ng Mayo at dinaos ito sa Our Lady of Lourdes Parish ng Baranggay Ipiran, Brooke's Point. Nagkaroon kami ng limang *informants*, apat ay sakristan at isa ay seminarista. Nagkaroon ng maikling introduksyon

at ilang paglilinaw sa pagitan namin at ng aming mga *informants* tungkol sa mangyayaring talakayan. Pumayag sila na i-rekord ang nasabing talakayan kasama ang kanilang tunay na pangalan.

Umikot ang halos apatnapung minutong talakayan sa sinkretismo ng relihiyong Palao'an at Kristyanismo, ang pagiging “*civilized*”, doktrina at dogma, kamatayan, paglilibing, konsepto ng langit at kalobagang. Dito nagtapos ang aming Ginabayang Talakayan.

## Sakop at Limitasyon

Sa aming ginawang pag-aaral tungkol konsepto ng kamatayan, pagluluksa, at paglilibing ng mga Palao'an, hindi maikakaila na nagkaroon ng mga pagkakataon at kalagayang humadlang sa pagkalap namin ng mga kinakailangang datos upang mas malawak at malalim na pagpapakahulugan ng nasabing paksu.

Sa heyograpikal na aspeto nang aming riserts, apat sa labingwalong baranggay na bumubuo sa Brooke's Point ang aming napuntahan. Kung saan ang karamihan sa aming mga nakapanayam at napaggugulan ng maraming oras ay mula sa Baranggay Aribungos at Baranggay Ipiran. Bukod sa nabanggit, nagkaroon ng panayam sa ilang Palao'an sa Baranggay Imulnod at Baranggay Mainit.

Ang kakulangan sa oras, sa proseso ng pagkalap ng kinakailangang datos sa loob lamang ng labing-dalawang araw. Kung saan may mga pagkakataong hindi tugma ang iskediyul o kinailangang palitan ang nakatakdang araw ng panayam nang aming mga impormant dahil sa kanilang tungkulin sa araw-araw tulad ng kabuhayan, kalusugan, at ilan pang personal na rason.

Nagkaroon ng dalawang obserbasyon, partisipasyon, at dokumentasyon ng aktwal na burol at proseso ng paglilibing sa dalawang Palao'an sa Baranggay Ipiran. Kung saan aming naobserbahan ang paghahalo ng tradisyunal na paniniwala at ng relihiyong Kristyanismo. Ngunit, wala kaming naobserbahan na aktwal na tradisyunal napaglilibing.

### Pagtatalang

Nakaugalian na ng mga Palao'an ang "pagtatalang" o ang pagsasama ng mga bagay sa labi ng kanilang mga patay. Naniniwala sila na ang mga gamit na kanilang ipinabaon ay magagamit ng "kurudwa" o kaluluwa ng yumao sa kabilang buhay. Pinapapatotohanan ang ganitong kaisipan ng mga uri ng bagay na itinatalang. Mapapansin na karamihan sa mga bagay na "itinatalang" ay ang mga kagamitang ginagamit sa pang-araw-araw tulad ng plato, baso, "salapa" (sisidlang kuwadrado na yari sa tanso na karaniwang pinaglalagyan ng nganga at apog), "alep" (sisidlan ng tabako, papel at santikan yari sa buho), "baling at santikan" o pangsindi at iba pa.

Ang kasarian ay namamarakan din sa "pagtatalang". Karaniwang "itinatalang" sa mga kalalakihan ang "tukaw" o itak pati ang "taguban" o ang lalagyanan nito. Ang mga Palao'an ay naniniwala na ang mga lalaking nasa wastong gulang ay dapat magdala ng itak dahil tamad ang tingin nila sa mga lalaking walang dalang itak. Kapag nagtatalang ng itak ay binabalian ang dulo nito para kung "makasablaw" o makabati (palalawigin ang konsepto ng "sablaw" sa Paglilibing) ang kaluluwa ng patay ay hindi lubhang masakit. Hindi naman mawawala sa mga kababaihan ang malong at suklay.

Makikita rin sa mga bagay na "itinalang" ang estado sa buhay ng yumao. Ang mga nakakaangat sa buhay lang ang may kakayanang "magtalang" ng mga mamahaling bagay tulad ng "agong" o gong, "salapa", "tapuyan" o banga.

Ang pagbabago ng panahon ay naapektuhan din ang mga bagay na "itinatalang". Ngayon ay maaari ka nang makakita ng mga "itinatalang" na mga kaldero, tsinelas, tabo at iba pa.

Bukod sa mga bagay na karaniwang na "ininatalang" ang mga Palao'an din ay nagpapabaon ng pagkain. Ito ay kadalasang isinasama sa loob ng kaldero na naglalaman ng kanin at ulam.

Pinaniniwalaan ng mga Palao'an na kailangang kumain ng yumao para sa kanyang paglalakbay sa kabilang buhay.

Bukod sa paniniwalang magagamit ng mga patay ang mga bagay na “itinatalang”. Nabanggit sa amin ni Panglima Pedring na “itinatalang” din ang mga paboritong gamit ng yumao para hindi ito balik-balikan ng mga patay. Iniiwasan ng mga Palao'an na magkahalubilo ang mga kaluluwa ng mga namatay dahil naniniwala silang maaari silang magkasakit.

Naikuwento rin sa amin ni Ka Tisoy na “itinatalang” mo sa patay ang mga bagay na nakakapagpaalala sa iyo tungkol sa kanya.

Hindi lahat ng mga “tinatalang” ay isinasama sa hukay. Sa libingan malapit sa tirahan ni Panglima Pedring ay nakita namin ang ibang “talang” sa taas ng hukay. Nakakita kami ng plato, gomang tsinelas, at baso.

### Paglilibing

Hindi nag-eembalsamo ng kanilang patay ang mga Palao'an. Naniniwala sila na hindi dapat paghiwalayin ang kanilang katawan kahit na sa kamatayan. Hindi rin sila gumagamit ng kabaong at ng puntod. Ayon kay Panglima Welinton, ang hindi paggamit ng kabaong at puntod ay nakakapagpadali sa pag-angat ng kaluluwa mula sa hukay.

At dahil hindi sila nag-eembalsamo at kailangang mailagak na agad ang labi sa huling hantungan ay walang burol o lamay para sa patay. Hindi dapat abutin ng 24 oras ang bangkay dahil mag-uumpisa na itong mabulok. Sa ilang okasyon na may kailangang hintaying kaanak mula sa malayong lugar ay pinauusukan nila ang bangkay gamit ang sinunog na dahon ngunit hindi ito madalas na ginagawa.

Pagpanaw ay nililinisan ang katawan ng namatay dinadamatian at inaayusan. Kailangan ay hindi itim ang kulay ng damit na isusuot sa patay dahil maghihinagpis daw ang yumao kung maglalaba ito ng damit at subukan niya itong paputiin sa kabilang buhay. Pagkatapos ay babalutan ang bangkay ng banig at tatalian sa may bandang ulo at paa. Apat na tao ang magbubuhat sa patay palabas ng bahay at patungo sa paglilibingan nito. Gumagamit sila ng dalawang tali na nakaangkla ang isa sa bandang ulo at ang isa naman ay sa paa.

Bago tuluyang ilabas ng bahay ang bangkay at kadalasang ginagawa sa pantaran, ay “nagnanangnang” o humihingi ng paumanhin ang naiwang pamilya sa mga kasalanang nagawa nila dun sa yumao habang ito ay nabubuhay pa. Nabanggit sa akin ni Panglima Welinton ang eksaktong katagang sinasabi sa salitang Palao’an ngunit nagkaproblema ako sa pagsasalin sa Filipino.

“patawarin mo na ang asawa mo, ang mga anak mo sa mga kasalanang nagawa nila sa iyo... hanggang sa katapusan ... at huling pagkikita”

Hindi “nangnanangnang” ang mga nakakatanda sa mga mas bata.

Matapos “magnangnang” ay tutuloy na ang bangkay papunta sa kung saan ito ililibing. Nauuna ang bangkay at sa likod nito ay nakasunod ang mga kaanak.

Ang lugar na pinaglilibingan ng mga patay ay karaniwang malapit lang sa mga bahay ng mga naiwan nito. Marami sa aming mga nakapanayam ay nakatira malapit sa libingan ng kanilang mga kamag-anak. Napansin namin na pagkakapare-pareho ng mga lugar na ito ay ang presenya ng mga puno at ng maraming halaman na may kahalagahan sa “palteg”.

Kapag may nauna nang ilibing ay hindi na kailangan pang pumili kung saan ilalagak ang iba pang mamamatay. Kadalasang pinagtatabi ang mga mag-asawa at ang kanilang mga anak.

Ang hukay ay sukat sa haba ng labi at ang lalim ay hanggang dibdib. Ang ilan ay naniniwala na mabuti ang tao kung malambot ang lupa habang hinuhukay at masama naman kung matigas ang lupa.

Bago tuluyang ibaba ang patay sa hukay ang kailangan munang isagawa ang “palteg” o “pamumukrat”. Ibaba muna ang bangkay sa tabi ng butas at tatanggalin ang tali sa bandang ulunan at ilalabas ang ulo nito sa banig.

Matapos gawin ang mga ito ay mayroong magbabanggit, kadalasan ang Panglima o iba pang nakakatanda, ng mga sumusunod na salita:

“pagmasdan mo na ang mundo dahil ito na ang huling pagtingin mo, ang mga kahoy na maliliit at malalaki, ang mga dahon at ang buong mundo dahil patay ka na at diyan ka na kay Ampo”

Matapos “magpalteg” ay ibabalik ang pagkakabalot ng banig at muling tatalian. Lalagyan ng tabla ang ilalim ng hukay bago may dalawang tao ang bababa dito para saluhin ang ibababang bangkay. Magkaiba ang orientasyon ng babae sa lalaki. Ang talampakan ng mga lalaki ay nakaharap sa bundok habang ang sa mga babae naman ay nakatutok sa dagat. Ang paniniwala nila ay kapag bumangon ang kaluluwa ay bundok o dagat ang una nitong makikita at doon tutungo ang kaluluwa para “manupok” o manguso ang lalaki at “mangawil” o mangisda ang babae.

Matapos maibaba ang bangkay ay maghuhulog ng “Ugdang Bulawan” o Hagdanang Ginto.

Ang “ugdang bulawan” ay isang simbolikal na hagdanang gawa sa tangkay ng isang halaman. Hihawaan ang tangkay na ito ng pahilig sa dalawang gilid, isang pataas at isang pababa. Ang magiging hitsura nito ay isang hagdanan kung saan ang isang gilid ay paakyat at ang isa naman ay pababa, Habang inilalagay ito ay sa hukay ay sasabihing “paakyatin ang kaluluwa ng mga buhay at pababain naman ang sa mga patay”, pagkatapos ay saka aakyat ang mga sumalo sa

bangkay. Ilalagay na ang mga “talang” bago takpan uli ng tabla ang bangkay at tuluyang tabunan na ng lupa. Sa taas nito ay magtatanim sila ng mga panandang halaman, karaniwang gumagamit sila ng mga bulaklak o ng nipa. Ilalatag muli ang mga “talang” at saka gagawan ng silong ang patay gamit ang maliliit na kahoy at mga dahon. Sa silong o bahay-bahayan na ito isinasabit ang mga plato, kaldero, baso at iba pang mga kagamitan ginagamit sa pagkain. Matapos gawin lahat ito ay gigisingin ang patay at paghahandaan ito ng kanin na kung minsan ay may kasamang ulam. Magsasagawa ng “gira” o paggawa ng iba’t-ibang ingay ang mga nakipaglibing saka maglalakad pabalik sa bahay ng mga namatayan

Ang unang makakarating sa bahay ay kukuha ng bao na may lamang abo at ipapahid ito sa katawan. Ganoon din ang gagawin ng mga sumunod sa kanya at ang huling darating ay ikakalat ang abo at babasagin ang bao sabay sasambitin “hindi sana makita ng mga espirito ang mga nakipaglibing”.

### Pagluluksa

Ang mga ritwal patungkol sa kamatayan ay nag-uumpisa bago pa ‘man may matay. Sa mga pagkakataong malubha na ang sakit ng isang Palao’an ay nagsasagawa sila ng “Paglilingaw”. Ginagawa rin ang “Paglilingaw” kung madalas na napapanaginipan ng mga Palao’an ang kanilang mga yumaong kamag-anak. Sa “Paglilingaw” ay tinatawagan ang kaluluwa ng mga patay. Ayon kay Panglima Pedring, hindi direktang tinatawagan ang kaluluwa ng mga patay. Ang unang dadasalan at tatawagin ay si “Ampo” at si “Ampo” naman ang tatawag sa kaluluwa ng namatay. Kapag “naglilingaw” ay naghahanda rin para sa patay. Nang minsang “maglingaw” si Panglima Pedring ay naghanda sila ng kanin at manok na niluto sa gata. Bawal gamitan ng asin ang mga pagkaing handa para sa patay. Malalaman nila kung tinanggap ang mga alay sa

iba't-ibang mga paraan: ang biglang paglamig ng kanin, mga langaw at iba pang insektong dumapo sa pagkain, ihip ng malamig na hangin at iba pa.

Ang “sablaw” ay ang sakit sa tiyan, pagduduwal, at sakit na huling naramdamang yumao, na nakukuha kapag ang isang miyembro ng pamilya ay dinalaw o nilapitan ng kaluluwa ng yumao. Nakabase ito sa paniniwala na dumadalaw ang kaluluwa ng mga yumao kapag may kinakailangan sila o may nais ipabatid sa dinadalaw nila. Sa pagdalaw na ito, nagkakaroon ng negatibong epekto o “sablaw” sa miyembro ng pamilyang dinadalaw.

Ang pamilya ng yumao ay hindi pinahihintulutan ng mga *elders* na magtrabaho, lumabas ng bahay, mag-ingay, magsaya, maglinis ng bahay, at mag ayos ng kanilang sarili hanggang mailibing ang yumao. Ito ay tanda ng pagrespeto nila sa yumao at sa buhay na naputol. Kung ito ay malalabag ng isa sa mga miyembro ng pamilya, siya ay kinakailangang magbayad ng “batang”/“ungsod” o multa depende sa patakaran ng *elders* ng partikular na angkan. Ayon kay Ka Tisoy, ang “batang” o “ungsod” ay kadalasang binabayaran sa anyo ng pera, gamit, ani o *harvest*, metal, at iba pa.

Habang wala pang libing, hindi pinapahintulutan ang pamilya na umiyak at mapatakan ng luha ang katawan ng yumao. Naniniwala ang mga Palao’an na sa bawat luhang papatak sa katawan ng yumao, mahihirapan o bibigat ang loob nito sa kanyang pagtawid sa kabilang buhay. Kaugnay nito, pinagbabawal din ang mga alaga, partikular na ang pusa na humakbang sa katawan ng yumao. Mayroong paniniwala na maipapasa ang isang “buhay” ng pusa sa yumao at magigising ito. Kailangang bago pa man sumapit ang dilim ay nasa loob na ng bahay ang mga kamag-anak ng namatay dahil naniniwala silang bumabalik sa bahay ang kaluluwa ng patay. Hindi rin sila

maaaring magtatapon ng tubig dahil baka tamaan ang kaluluwa ng patay, dapat ay ibinubuhos ito ng dahani-dahan.

Sa pagsapit ng gabi, “nagtutultul” o nag-*storytelling* ang isang miyembro ng pamilya o kamag-anak ng yumao. Ginagawa ito para mabawasan ang lungkot at makatulog ng mabuti ang mga batang miyembro ng pamilya.

Kapag ang yumao naman ay mayroong asawa, ang “bituwanon” o ang balo ay hindi pinahihintulutang makapag-asawa ulit sa loob ng isang taon. Pinaniniwalaan ng mga Palao’an na ang pag-aasawa muli ng isang “bituwanon” ng wala pa sa isang taon ay nangangahulugang hiniling mo kay “Ampo” ang kamatayan ng iyong asawa. Kinakailangan din ng pagpapaalam sa komunidad at makuha ang kanilang pagsang-ayon sa pagpapakasal muli. Ang paglabag sa nasabing kaugalian ay pagbabayad rin ng “batang” sa mga anak, kung mayroon, o sa pamilya ng yumao. Nakadepende parin sa *elders* kung ano o magkano ang ibabayad nito. Nabanggit ni kuya Lalot na noong unang panahon ay nagmumulta ng isang “salapa” ang mga babae at isang “badong” naman sa mga lalake.

Ang “kasarungan” o “katapusan” ay ginaganap isang linggo o pitong araw matapos ang libing ng yumao. Pinaniniwalaan ng mga Palao’an na sa “katapusan” ay tuluyan nang umaalis ang kaluluwa ng patay para makapiling na si Ampo. Naghahanda ang pamilya ng yumao na nagsisilbing huling salu-salo kasama ang kaluluwa ng patay bago ito tuluyang umalis. Katulad ng sa “Paglilingaw” ay hindi ginagamitan ng asin ang mga pagkaing hinahanda. Nakadalo kami sa “katapusan” na ginanap para sa yumaong pamangkin ni Panglima Pedring. Ang mga hinanda ay apat na baso ng tubig, apat na platong may kanin, apat na platong may dinuguan, apat na platong may “mulmol” o *fermented rice* na nakabalot sa dahon at ang lahat ng ito ay nakapatong

sa isang banig at may partikukar na pagkaka-ayos. Nabanggit din ni Panglima Pedring na hindi dapat bababa sa apat ang mga plato o kung sosobra man ay dapat laging magkakapares. May mga katagang binanggit din si Panglima Pedring sa Palao'an. Tinawag niya ang kaluluwa ng yumao at itinuro ang mga hinanda. Sinabi niya sa amin na binilinan niya ang kaluluwa ng kanyang pamangkin na dun na siya sa kasiyahan niya sa kabilang buhay, kung ano man ang kasiyahan ng mga nabubuhay ay huwag na siyang makialam.

## Pagsusuri

Sa aming pag-silip sa Kulturang Pala'oan mula sa anggulo ng kanilang paniniwala patungkol sa paglilibing, pagluluksa at kamatayan ay nakatukoy kami ng iilang salik na mahalaga sa patuloy na pag-gana ng kanilang sistema ng paniniwala.

Ang Panglima ang nagbibigkis sa isang komunidad. Bukod sa *functional* na kahalagahan nila sa kanilang mga nasasakupan ay nagsisilbi silang kanlungan ng kulturang Palao'an. Sila ang may kakayanan at karapatang mangasiwa at magsagawa ng iba't-ibang mga ritwal ng Palao'an.

Ang mga ritwal na ito ay hindi lang limitado sa paglilibing, pagluluksa at kamatayan bagkus ay laganap ito sa iba pang mga aspeto ng buhay Palao'an. Susi ang mga ritwal na ito para lubos na maunawaan ang kosmolohiyang iniinugan ng kamalayang Palao'an.

Katulad ng sinabi ni Ramos, hindi kakikitaan ng paghahati ng banal at ordinary ang iba't-ibang aspeto ng buhay ng Palao'an. Ang pagsilang sa isang sanggol ay ipinagbubunyi at pinasasalamatan katulad ng pasasalamat sa masaganang ani, sa pag-galing mula sa karamdaman at sa pag-iisang dibdib ng dalawang taong nagmamahalan sa kasal. Napuna namin na sa kaibuturan ng mga ritwal na ito ay hindi mawawala ang pagpapasalamat, pagpapasalamat para sa kaginhawaan.

Kaginhawaan din ang nakita naming pangunahing konseptong nagpapatakbo sa kanilang pagtrato sa mga namatay. Sa isang banda ay naniniwala sila sa "sablaw" o sa sakit na maaaring makuha kapag nakikihalubilo ang mga patay sa mga buhay. Palasak sa mga ritwal sa patay ang hiling ng mga nabubuhay na huwag nang makialam sa kanila ang mga patay. Sa kabilang dako naman ay naniniwala rin sila sa "busong" o sakit na maaaring makuha sa hindi pag-respeto o pagkalimot sa mga nakakatanda. Ginagamit naman ng mga patay ang panuginip bilang *medium*

para ipaabot sa mga nabubuhay na huwag silang kalimutan. Makikita ang tunggalian kung saan naiipit ang mga nabubuhay na Palao'an at ang mga ritwal na ginagawa nila para mabalanse ito. Sa pag-aasam ng mga Palao'an ng kaginhawaan ay napapabilang sila sa *cult of the dead* na binanggit ni Fox, sa pormulasyon ni Becker.

Ang lahat ng mga paniniwalang ito ay hindi umiiral sa isang bakyum. Hindi maihihiwalay ang Kulturang Palao'an sa kapalagirang pinaglalagakan nito. Ano pa ang sisilipin ng yumao sa "palteg" kung wala nang punong kahoy at ang mga dahon nito? Saan na mapupunta ang "kurudwa" kung wala nang Kalabogang? Magkakaroon pa rin ba ng "tinapuy", "mulmol" at "lutlot" kung wala nang aanihing bigas?

#### Paglalagom

Nag-aasam ng kaginhawaan ang mga Palao'an katulad ng lahat ng tao. Kalikasan ang nakikita nilang pangunahing pinagmumulan ng kaginhawaan. Ginagamit nila ang kanilang mga ritwal upang makuha, pasalamatang at panatilihin ang kaginhawaang ito.

## Bibliyografi

### **Book:**

Ramos, Amour. *Tau't Batu Religion / edited by Jesus T. Peralta.* Manila: Manila National Museum and the Presidential Assistant on National Minorities (PANAMIN), 1983.

Fox, Robert. *Religion and Society Among the Tagbanuwa of Palawan Island, Philippines.* Manila, Philippines: National Museum, 1982.

### **Online Journal Article:**

Dezutter, Jessie, Bart Soenens, et al. "The Role of Religion in Death Attitudes: Distinguishing Between Religious Belief and Style of Processing Religious Contents ." *Death Studies.* 33. (2008): n. page. Web. 23 May. 2012.

<<https://lirias.kuleuven.be/bitstream/123456789/120468/3/MO>>.

Falkenhain, Marc, Paul Handal, et al. "Religion, Death Attitudes, and Belief in Afterlife in the Elderly: Untangling the Relationships." *Journal of Religion and Health.* 42.1 (2003): n. page. Web. 23 May. 2012. <<http://www.springerlink.com/content/x1v13p0532301023/>>.

Srivastava, Vatsalya. "Functional Aspects of Religion: Role of the Afterlife in Enforcing Social Contracts." (2010): n. page. Web. 23 May. 2012.

<[http://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract\\_id=1809936](http://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=1809936)>.

Tinaz, Nuri. "A Social Analysis of Religious Organisations: The Cases of Church, Sect, Denomination, Cult and New Religious Movements (NRMs) and Their Typologies." *Ýslâm Araþýrmalarý Dergisi.* (2005): n. page. Web. 23 May. 2012.

<[http://www.zipdf.com/sociological\\_concepts\\_and\\_analysis](http://www.zipdf.com/sociological_concepts_and_analysis)>.

## Apendiks

### **Ginabayang Talakayan**

Petsa: May 5, 2012

Durasyon: 35:25 minuto

Pasilitaytor: Alexis Jerome Tolibas

Lugar: Our Lady of Lourdes Parish

Rekorder: Jerome Leano

Pangalan ng mga Informants: Joseph Verdin John Vincent Verdin Jayvee Lagrada

Harold Jay Miraflores                   Noel Ivondozo

Nagumpisa ang ginabayang talakayan sa pamamagitan ng pagpapakilala ng mga *informants* at ng mga mananaliksik, dito ibinigay ang edad pati na rin ang lugar ng kapanganakan. Matapos nito, tinanong ang mga *informants* kung ano ang masasabi nila sa paghahalo ng mga kaugalian ng mga natibong Palao'an sa kaugaliang Kristyano. Sinabi ni Harold na hindi naman ito pinagbabawal at marami sa kanyang mga pinsan ay nakapagkasawa ng natibo. Nagkaroon ng kasalan sa parehong katutubo at katolikong kaugalian. Sinabi naman ni Vincent na naimpluwensyahan na rin ng katolismo ang mga katutubo dahil naoobserbahan din nila ito. Ayon naman kay Jason, ayos lang ang paghahalo kung walang kontradiksyon sa paniniwala, katuloy ng nabanggit, nagkaroon ng katanungan ang impormant patungkol sa kaugalian sa paglilibing at kamatayan. Nagkaroon ng praymer ang pasilitaytor kaugnay ng nasabing paks. Binigyan ng pasilitaytor ang mga *informants* nang isang senaryong may kinalaman sa etnisidad at paniniwala sa relihiyon ng mga natibo at Kristyano. Ayon kay Harold, iba't iba man ang tawag, iisa parin ang patutunguhan ng kaluluwa sa kabilang buhay. Upang linawin ang mga kasagutan ng mga impormant, inulit ng pasilitaytor ang sinabi ng mga ito at nagkaroon naman ng pagsangayon ang mga impormant. Kasunod nito, nagtanong ang pasilitaytor kung ang paggawa

ba ng mabuti dito sa lupa, kahit hindi Kristyano ang isang tao, ay makakapunta sa langit. Sumagot ang lahat ng pwede, dagdag pa rito, marami daw kaso na ganun dahil hindi naman lahat na-*eевangelize* o namamatay ng hindi nabinyagan. Kaugnay nito, nagkaroon ng tanong ang pasilitaytor kung nagkaroon ba ang mga impormant ng kasanayan sa pag-*evangelize* sa mga katutubo. Ayon kay Harold, nagkakaroon daw ng pagtitipon ang mga *Youth Ministry* sa Sabsaban, kung saan mayroong bahay ampunan ng mga katutubo ang mga madre doon. Sa nasabing bahay ampunan, tinuturuan ng kristyano at katolikong paniniwala ang mga katutubo. Sumagot naman si Vincent tungkol sa libing ng asawa ng kanyang pinsan, na hindi natibo, na dinala sa kanilang simbahan. Sinundan naman ito ng katanungan ng pasilitaytor kung may mga kaso na hindi pinapayagan ang mga patay na gawan ng seremonyang katoliko. Nasabi ni Noel na nagkaroon ng kaso kung saan tinangihan ng pari ng simbahan ang isang hindi binyagan. Kaugnay dito, naglabas ng sentimyento si Vincent patungkol sa mga Katolikong lumilipat ng relihiyon, at kung mayroong namamatay, dinadala sila sa simbahang katoliko. Sa pagpapatuloy ng talakayan, nagtanong naman si Noel kung pareho lang ba ang kaugalian ng mga Muslim at Palao'an sa paglilibing at kasal. Nabanggit ng pasilitaytor na hindi siya pamilyar sa mga kaugalian ng mga Muslim. Nabanggit ni Mark Jason ang isang kaso na may kinasal na Muslim at Kristyano, kung saan nagpakasal muna sila sa kaugaliang Muslim matapos dito, bininyagan ang Muslim sa Katoliko. Nabanggit din ng mga impormant na ang binyag, komunyon, at kumpil ay ginanap ng magkakasunod para magawa ang sakramento ng kasal. Nagtanong naman ang pasilitaytor sa paniniwalang Palao'an kaugnay sa doktrinang Katoliko. Nabanggit ni Mark Jason na depende sa timbang ng paniniwala ng tao. Ayon naman kay Noel, kung sa pagiging strikto sa *dogma* ng simbahan, hindi daw paniniwalaan ang mga pamahiin nila. Umayon naman si Harold sa sagot ni Mark Jason kung saan nakadepende din ang paniniwala sa tao. Ayon naman kay

Vincent, bilang isang katoliko, kailangang irespeto ang paniniwala ng ibang relihiyon sa parehong paraan ng pagrespeto nila sa relihiyong katoliko. Nagtungo naman ang talakayan sa usapin ng kabilang buhay kung saan sinaad ni Noel ang kanyang kaaalaman sa doktrinang Katoliko. Nagtanong naman ang pasilitaytor tungkol sa lugar na tinatawag na Kelabogang. Nabanggit ni Vincent na may isang bundok na may lawa sa gitna ng gubat kung saan matatagpuan ang iba't ibang isda. Sa puntong ito, nagtapos na ang ginabayang talakayan.



**Agong**



**Agong**



**Talam: plato ng taong pitong**

dangkal ang lapad ng dibdib



**Bungkarang at Salapa**



Iba't ibang laki at uri ng Salapa



**Mula itaas pababa: Ligid (sibat), Sasukudan, Badong, Taguban**



**Bungkarang**



**Alep**



**Isang natibong Palao'an**

**hawak ang Supok at Karaban**



**Baslay (bala)**



**Karaban**



**Handa sa Kasarungan**